

Chapter 12

Savings at Investment

Napag-usapan na natin sa mga naunang chapters ang kahalagahan ng pag-iipon o savings at investment o pamumuhunan.

Napag-usapan na natin hindi lang pagtugon sa “need” ng ating mga anak at pamilya ang pagkuha ng educational plan at pagbili ng bahay at lupa kundi isang anyo rin ang mga ito ng savings at investment.

Natatandaan pa ba ninyo ang usapan natin tungkol sa passive income at active income sa Chapter 6?

Sa yugtong ito, isa na tayong ganap na MLO, maaaring naabot na natin ang pinakamataas na active income o kita mula sa ating sariling sikap tulad ng suweldo, pero hindi naman tayo puwede habang panahong kapitan o chief engineer.

Para sa mithiin nating financial independence, ang dapat na lumaki ay ang ating passive income o kita mula sa ating ari-arian at pamumuhunan, negosyo, atbp., kasali man tayo sa negosyo o hindi.

Ang passive income ang mas mahalaga sa kalaunan dahil dito tayo kukuha ng pantustos sa ating pana-panahong “wants” at sa ating “needs” o pangangailangan sa hinaharap kapag tumigil na tayo sa pagsakay. Kaya habang kalakasan pa ng ating kita (active income) dapat na nating simulang palaguin ang ating passive income o tinatawag ding investment income.

Matatandaang sa Chapter 5, binigyang-diin na natin ang kahalagahan ng pag-iimpok. Sinabi nating dapat agad itong ibinabawas sa ating suweldo -- ang pormula para sigurado tayong makakaipon.



Kung naging tuluy-tuloy o nagawa natin ito sa malaking bahagi ng unang 10 taon ng ating pagbabarko may mapagsisimulan na tayong malaki-laking puhunan.

Sa puntong ito, kailangan nating kumunsulta sa mga mapagkakatiwalaang financial advisor, mga taong eksperto sa pananalapi tulad ng mga kaibigang nagtatrabaho sa bangko at nasa negosyo na. Huwag tayong mahiyang magtanong.

A. Savings o pag-iimpok

Karaniwang ito ang pinagkukunan ng salaping maaari nating ipuhunan pero puwede rin itong pagkunan ng substansyal na passive income.

Sa halip na nakatago lang sa bahay ang ating ipon o nakadeposito lang sa bangko, mas mabuti itong ipasok sa iba't ibang tipo ng savings schemes.

Ilan sa mga ito ang sumusunod:

Savings accounts. Maraming bangko ang nagbukas ng saving account para sa mga overseas Filipino workers, simple ang requirements, walang maintaining balance, may interest income mula 0.25 % hanggang 2 % depende sa average daily balance (ADB), madali ring mag-withdraw

Time deposits. Mas malaki ang interest pero hindi puwedeng i-withdraw sa isang takdang panahon. Kapag nag-withdraw hindi makukuha nang buo ang interes.

Insurance. Participating life insurance plans ang pinakapopular (participating kasi kumikita mula sa kita ng insurance company); matapos ang tuluy-tuloy na paghuhulog sa isang takdang panahon, maaaring itong makuha ng lump sum kasama ang interes o bilang pensyon.

Pension plans. Tulad ng life insurance plans, marami ring nagbebenta nito. Tuluy-tuloy na hulog sa isang takdang panahon at maaari itong maging pensyon kapag umabot na sa maturity date.

Ang mga **educational plans** at **trust funds** ay itinuturing ding mga long-term savings.

Isa ring paraan ng pag-iimpok ang paluwagan pero short-term lang ito at wala pang interes. Bagama't popular ito, walang proteksyon ang pera natin sa ganitong paraan.

Bukod sa mga ito, marami pang ibang paraan ng pag-iimpok. Ang mga ahensya ng pamahalaan o GFIs tulad ng SSS at PagIBIG ay may mga binuksang mga savings schemes.

Sa SSS, mayroon itong **Personal Equity and Savings Option (SSSPESO)**, isang voluntary retirement savings na may mas mataas na interest pero tax-free. Dagdag ito sa buwanan nating hulog na may counterpart ang ating kompanya.

Ang PagIBIG at tumatanggap na rin mula sa mga empleyado ng dagdag na kontribusyon sa regular na buwanang hulog na maaaring makuha kapag nagretiro.

Ang Kongreso ay nagpatibay din ng batas, RA 9505 o **Personal Equity and Retirement Account Act (PERA)**, para maengganyo ang mga tao na mag-impok. Puwede tayong magbukas ng hanggang 5 PERA account. May mas mataas na interest income ito at tax-free ang kinita nito mula sa mga PERA investment products.



Isang praktikal na paraan ng pag-iimpok ang pagsali sa kooperatiba tulad ng ISP Multipurpose Cooperative. Kumita na ang pera (shares) natin, nakatulong pa tayo na mapautang ang mga nangangailangan ng pondo.

Isa pang bentahe nito, co-owner tayo ng mga negosyong papasukin ng ISP MPC kaya dividend (bilang shareholder o part owner) ang tawag sa kita natin sa kooperatiba, hindi interest. At tax-free rin ito.

Ang kita o tubo (interest income) mula sa ating savings ay tinatawag na passive income. Pero para mapalago nang husto ang ating passive income, at magtamo ng financial independence, kailangan nating mamuhunan, hindi lang mag-impok, o kaya magnegosyo.

B. Investment

Nasa pamumuhunan ang mas malaking hamon. Ulitin ko lang, kailangan natin ng tulong ng mga financial advisor lalo na sa usapin ng pamumuhunan.

Ilan sa mga maaari tayong mag-invest ang mga sumusunod:

1. **Stock market.** Ang alam natin mayayaman lang ang nakakapag-invest nakakabili ng shares sa stock market; hindi alam ng marami sa atin na sa halagang P5,000, maaari na tayong mag-invest sa stock market?

Sa tinatawag na stock market, may nagbebenta at bumibili ng stocks o shares ng mga nakalistang mga kompanya tulad ng San Miguel, PLDT, ABS-CBN, GMA at iba pang malalaking corporation sa bansa.

May mga websites at seminar na nagtatalakay kung paano mag-invest sa stock market.

Sa paglahok sa stock market, pagbebenta at pagbili ng stocks, maaring madoble ang puhunan pero puwede rin bumagsak ang puhunan sa maikling panahon. Puwedeng mag-invest dito sa tulong ng broker o wala.

Ang kita o lugi rito ay ang diperensya sa presyo nang bilhin mo ang shares ng isang kompanya at presyong ibinenta mo ito. Kapag binili mo ito sa mas mura at naibenta mo nang mas mahal, kikita ka pero lugi ka naman kung kabaligtaran ang nangyari. Mayroon ding tinatawag na paper loss, kapag binili ng stock ng isang kompanya ng P5.00 per share at bumaba ito sa P4.50, lumiit ang halaga ng investment mo kaya paper loss. Pero kung hindi mo ibebenta, puwede pa itong bumalik sa P5.00 per share o tumaas pa.

2. **Mutual funds.** Isang mainam na investment ang mutual fund? Ito ay isang kompanya na naglilikom ng pondo mula sa mga indibidwal at kompanya para mag-invest sa mga tinatawag na bonds, securities (tatalakayin sa ibaba), stocks at iba pa depende sa layunin ng kompanya na tumatayong fund manager.

Nagpapalabas din ng shares ang mutual funds na katumbas ng iyong investment. Pero hindi tulad sa stock market, walang kontrol sa pagbebenta ang may-ari ng shares ng mutual funds kundi ang fund manager lamang. Maaaring magbukas ng account sa mutual funds sa mga bangko at ibang financial institutions.

Mas mainam na mag-invest dito nang matagal pero maaaring i-withdraw ang investment anumang oras.

3. **Money market.** Isa ring mainam na investment ang pagbili ng short-term debt instruments tulad ng short-term loans, bonds, securities at iba pa.

Isa sa mga tinatawag na securities ang Treasury bills (T-Bills) pinaka maikling debt instrument (wala pang 1 taon) na may maturity na 91 araw, 182 araw at 364 araw o 1 taon.

Naglalabas ang pamahalaan ng T-Bills para makautang sa publiko at makalikom ng pondo para ipantustos sa operasyon at mga proyekto nito. Dahil ipinalabas ito ng pamahalaan, garantisadong maibabalik ang puhunan at may tubo. Kaya tinatawag na government securities.

4. **Bonds.** Bahagi pa rin money market at isang halimbawa pa rin ng securities ang bonds.

Ipinapalabas ito ng pamahalaan, puwede ring pribadong bangko para makalikom ng pondo sa pamamagitan rin ng pangungutang sa publiko.

Bawat bond ay may takdang panahon at may tiyak na tubo na mas mataas kaysa sa savings accounts. Tiyak rin ang kita rito, walang lugi basta hihintayin ang maturity date.

Isang halimbawa rito ang Treasury Bonds (T-Bonds) na may maturity na 2, 5, 7, 10, at 20 taon. Pag nag-invest dito o bumili ng T-Bonds, pwedeng P10,000 pataas, iisyuhan ka ng coupon na pwede mong isurender o kubrahin ang puhunan pagsapit ng maturity nito pati tubo. Puwede ring makolekta ang tubo o interest taun-taon.

May pagkateknikal ang pamumuhunan kaya makabubuti para sa ating mga marino na magtanong sa mapagkakatiwalaang financial advisor para hindi mabiktima ng mga scams tulad ng pyramiding.

Sa ganitong investments, maliban sa stock market, maganda na ang kumita ng 20 % bawat taon.

Tandaan kapag may nag-alok sa atin na mag-invest na may pangakong tubo ng higit pa rito, tulad ng 20 porsyento sa 30 araw. Huwag maniwala; kundi man scam ito, illigal iyon, "5-6".

Isang mainam na investment ang pagbili ng alahas, lote at bahay na paupahan. Ang mga ito ay tumatataas ang value sa katagalan. Maging maingat lang sa pagbili ng lote; tandaan ang mga tips na ibinigay sa Chapter 11.

C. Pagnenegosyo

Maraming klase ng neggosyo. At marami rin makukuhang kapakipakinabng na tips sa pagnenegosyo mula sa mga kaibigan, sa Internet, sa mga experts o eksperiyensado na sa kani-kanilang negosyo.

Ilan sa mahahalagang tips ang sumusunod: Pag-aralang mabuti ang naiisip na negosyo. Alamin ang kailangang puhunan at hanggang kailan mababawi ang puhunan, anu-ano ang problemang kakaharapin at tinatawag na risks dito o posibilidad ng pagkalugi. Kasama rito ang target market at mga requirements at buwis na babayaran sa pamahalaan.

Ayon kay Dr. Colayco, may tatlong tanong na magagamit sa pag- evaluate kung mainam ang negosyong papasukin: Magkano ang tutubuin? Madali bang mabawi ang puhunan? Sigurado ba ang puhunan? Itanong din natin sa sarili kung gusto natin ang negosyong balak simulan.

Maghanap ng tamang tauhan. Kung kailangan ng tulong mula sa mga professional, huwag mag-alinlangan lalo na sa accounting.

Mahigpit na imonitor ang labas-masok ng pera sa negosyo. Malaking tulong dito kung may personal na suporta ang ating asawa sa negosyo lalo na kung sumasakay pa tayo.

Isang opsyon ang franchising, may mga bentahe ito para sa mga nagsisimula pa lang magnegosyo tulad ng tulong propesyunal, training atbp.

Patuloy na pag-aralan ang takbo ng negosyo. Maraming business tips na makukuha sa Internet kung paano pa pagyayamanin ang nasimulang business.

Dito rin malaki ang maitutulong ng ISP at ISP Multipurpose Cooperative. Regular na nagbibigay ng livelihood seminar ang ISP at maaari namang makakuha ng dagdag na capital mula sa ISP Multipurpose Cooperative. Tuklasin ang mga pamamaraan ng pagsali sa *website: www.isp.org.ph*